
***Maligayang pagdating*** **sa Washington Electronic Benefits Transfer (EBT) at ang Washington Quest EBT Card - ang ligtas, maginhawa at madaling paraan upang magamit ang iyong mga benepisyo.**

Kung kwalipikado ka para sa pangunahing mga benepisyong pagkain, maaari mong gamitin ang iyong Washington Quest EBT Card upang bumili ng karapat-dapat na mga item sa pagkain sa anumang kalahok na tindahan kabilang ang mga nag-aalok ng pagbili sa online.

Kung kwalipikado ka para sa mga benepisyong salapi, maaari mong gamitin ang iyong Washington Quest EBT Card upang makakuha ng salapi o magbayad para sa mga pagbili sa mga kalahok na tindahan at kunin ang iyong mga benepisyo sa mga ATM.

## Ito ay karaniwan!




### PAANO GAMITIN ANG IYONG WASHINGTON QUEST EBT CARD SA TINDAHAN

1. Alamin ang iyong balanse bago pumunta sa pamimili sa pamamagitan ng pagbisita sa www.ebtedge.com o tumawag sa Serbisyo ng Kustomer sa.
2. I-swipe ang iyong Washington Quest EBT Card sa pamamagitan ng Point-Of-Sale (POS) terminal O ibigay ang iyong card sa clerk/cashier.
3. Siguraduhing sabihin sa klerk kung aling kuwenta ang kukunin (pagkain o salapi).
4. Ipasok ang iyong apat-na-tambilang na Panssariling Pagkakakilanlan na Numero (PIN) sa tipahan. Ipapakita ito ng hantungan ****.
5. Pindutin ang OK o ENTER na tipahan.
6. Ipapasok ng klerk ang halaga ng mga binili at, kung ito ay tama, pindutin mo ang YES na tipahan.
7. Ibibigay sa iyo ng klerk ang resibo. Siguraduhin na tama ang impormasyon sa resibo.
8. Panatilihin ang resibong ito upang malaman mo ang iyong bagong balanse sa susunod na ikaw ay mamili.

Ang mga hakbang ay maaaring magkakaiba para sa bawat uri ng POS machine o checkout system na ginagamit mo. Magtanong sa klerk kung kailangan mo ng tulong.

Tanging ang eksaktong halaga ng iyong biniling pagkain lang ang ibabawas mula sa kuwenta ng iyong benepisyo sa pagkain. Hindi ka bibigyan ng mga tindahan ng sukli para sa mga pagbili ng pagkain na benepisyo.

Maaari mong gamitin ang iyong salapi na mga benepisyo sa mga tindahan upang gumawa ng cash-only na pagkuha o upang bumili ng parehong pagkain at hindi-pagkain na mga aytem (sabon, lampin, atbp). Maaari ding magbigay ang mga tindahan ng cash-back kapag gumawa ka ng pagbili mula sa iyong salapi na account. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, tanungin ang klerk.



### PAANO GAMITIN ANG IYONG WASHINGTON QUEST EBT CARD SA ISANG AUTOMATED TELLER MACHINE (ATM)

(Para sa pagkuha ng mga benepisyong salapi LAMANG; ang mga benepisyong pagkain ay hindi mai-access sa pamamagitan ng isang ATM)

1. Ipasok o i-swipe ang iyong kard.
2. Ipasok ang iyong PIN at pindutin ang OK o ENTER na tipahan.
3. Piliin ang tipahan na may markang WITHDRAW CASH at piliin ang CHECKING
4. Ipasok ang gusto mong halaga sa dami ng dolyar (halimbawa, $20, $40, $60, atbp.).
5. Kung may patong na singil,
   - Piliin ang YES upang tanggapin ito at magpatuloy sa transaksyon.
   - Piliin ang NO upang ikansela ang transaksyon kung ayaw mong magbayad ng dagdag na singil.
6. Kunin ang iyong kard, ang iyong resibo at salapi. Kung pinapanatili ng isang ATM ang iyong card, makipag-ugnay sa Customer Service sa 888-328-9271.
7. Bilangin ang salapi at ihambing ito sa iyong resibo.
8. Ipapakita ng resibo ng ATM ang balanse na salapi na magagamit pa.

Maaaring tumagal ng ilang mga transaksyon upang ilabas ang lahat ng iyong mga benepisyong salapi mula sa isang ATM kung ang makina ay may limitasyon sa halaga ng salapi na maaari mong ilabas sa bawat pagkakataon. Maaaring may patong na singil na sinisingil ng ATM para sa bawat transaksyon.

## WASHINGTON QUEST EBT MGA TANONG AT MGA SAGOT

### *Paano ko makukuha ang aking mga benepisyo sa Washington Quest EBT Card?*

Ang iyong mga benepisyo ay kusang idadagdag sa iyong kuwenta bawat buwan. Gagamitin mo ang parehong card ng Washington Quest EBT buwan buwan upang makuha ang iyong mga benepisyo. Habang ginagamit mo ang iyong mga benepisyo sa pagkuha ng salapi o bumili ng mga kalakal, ang balanse sa iyong kuwenta ay bababa. Hindi kailangang palitan ang iyong card maliban kung ito ay nawala, ninakaw, o nasira.

### *Kailan ko makukuha ang aking mga benepisyo?*

Ang mga benepisyo ay madedeposito sa iyong EBT na kuwenta sa parehong araw bawat buwan, kahit na ito ay matapat sa katapusan ng linggo o bakasyon. Lahat ng mga benepisyo ay magagamit pagdating ng 9 sa umaga. Oras ng Pasipiko. Anumang mga benepisyo na matira mo sa dulo ng buwan ay maidadagdag sa susunod na buwan.

### *Saan ko magagamit ang aking Washington Quest EBT Card?*

Maaari mong gamitin ang iyong Washington Quest EBT Card sa mga kalahok na tindahan at mga ATM (para sa mga benepisyong salapi lamang) sa buong bansa. Maaari mo ring gamitin ang iyong kard kahit saan kapag nakita mo ang Quest logo. Kung hindi mo makita ang Quest logo, tanungin ang namamahala sa tindahan kung maaari mong gamitin ang iyong kard upang bumili ng pagkain o makakuha ng mga salapi na benepisyo sa tindahan.

QUEST®

### *Ano ang dapat kong gawin kapag nawala ko ang aking kard?*

Kung ang iyong Washington Quest EBT Card ay nawala, ninakaw o nasira, dapat kang tumawag kaagad sa Customer Service, walang bayad sa 888-328-9271 upang ma-deactivate ito at ipadala sa iyo ang isang kapalit na card.

### *Ano ang numero ng aking kard?*

Ang 16-tambilang na numero na nakaprinta sa kard ang numero ng iyong kard.

### *Paano kung hindi gagana ang aking kard?*

Makipag-ugnay sa Serbisyo sa Kostumer at tutulungan ka nila. Matatagpuan sa likod ng iyong kard ang libre na numero. Ang Serbisyo sa Kostumer ay magagamit ng 24 oras araw-araw, pitong araw bawat linggo.

### *Paano kung may maling transaksiyon sa aking kuwenta?*

Kapag ang isang magtitingi ay binabayaran alinman sa masyadong marami o masyadong maliit mula sa iyong kuwenta sa EBT dahil sa isang problema sa sistema ng compyuter, maaring gawin ang pagwawasto sa iyong balanse. Ang pagwawasto na ito ay maaaring makaapekto sa iyong kasalukuyan o balanse sa susunod na buwan. Padadalhan ka ng paunawa sa pagtutuwid ng EBT kung binawasan nito ang iyong balanse.

### *Paano ko pangalagaan ang aking kard?*

1. Lagdaan sa likod ng iyong kard.
2. Huwag isulat ang iyong PIN sa iyong kard.
3. Panatilihing ligtas at malinis ang iyong kard.
4. Huwag baluktutin ang iyong kard.
5. Panatilihin ang iyong kard na malayo sa mga magneto at de koryenteng kagamitan, tulad ng mga telebisyon, microwave, atbp.
6. Huwag ilagay ito sa direktang sikat ng araw, tulad ng sa dashboard ng iyong sasakyan.
7. Huwag itapon ang iyong kard; gagamitin mo ang parehong kard sa bawat buwan hangga't tumatanggap ka ng mga benepisyo.
8. Maaaring mapailalim sa pagsisiyasat para sa mapanlinlang na paggamit ang sobrang pagpapalit ng kard.

### *Ano ang isang Personal Identification Number?*

Ang PIN ay isang apat na digit na lihim na numero na nagbibigay-daan sa iyo lamang na magamit ang iyong Washington Quest EBT Card. Hindi gagana ang isang EBT na kard nang walang PIN. Huwag sabihin ang iyong PIN ninuman! Kapag may nakakaalam ng iyong PIN, maaari nilang gamitin ang iyong kard upang makuha LAHAT ng iyong mga benepisyo at hindi mapapalitan ang mga benepisyong iyon.

### *Paano ako pipili ng PIN?*

Maaari mong piliin ang iyong apat na digit na PIN sa pamamagitan ng pagtawag sa Customer Service o personal sa iyong lokal na DSHS Community Service Office (CSO). Huwag gumamit ng madaling hulaan na PIN tulad ng "1234, o "0000", o anumang madaling hulaan na pattern.

### *Paano kapag makalimutan ko ang aking PIN?*

Kung nakalimutan mo ang iyong PIN o nais na baguhin ang iyong PIN, maaari kang tumawag sa Serbisyo sa Kostumer.

### *Paano kung naipasok ko ang maling PIN?*

Kung ipinasok mo ang maling PIN, mayroon ka pang tatlong pagkakataon upang ipasok ang tamang numero. Kung hindi ipinasok ang tamang PIN sa ikaapat na pagsubok, magla-lock ang kard upang protektahan ang iyong account. Hindi mo magagawang gamitin muli ang card hanggang makalipas ang hatinggabi, maliban kung pumunta ka sa lokal na DSHS Community Services Office upang mailabas ang lock. Sa ilang mga kaso, ang iyong kard ay maaring kainin ng ATM. Kapag kinain ng ATM ang iyong kard, makipag-ugnay sa Serbisyo sa Kostumer.

### *Ano ang dapat kong gawin kung nalaman ng iba ang aking PIN?*

Kaagad pumili ng bagong PIN sa pamamagitan ng pagtawag sa Customer Service o baguhin ang iyong PIN online sa **www.ebtedge.com** o ang *ebt*EDGE mobile app.

### *Paano ko malalaman ang balanse ng aking kuwenta?*

Ang pinakamadaling paraan upang malaman ang iyong balanse ng kuwenta ay ang panatilihin ang iyong mga resibo. Kung wala kang mga resibo maaari mong suriin ang iyong balanse sa **www.ebtedge.com** o ang *ebt*DGE mobile app o maaari kang tumawag sa Costumer Service. Dapat alam mo ang balanse ng iyong account bago ka mamili.

### Paano kung ang Point of Sale (POS) ay hindi gumagana?

Kung nais mong bumili ng karapat-dapat na mga aytem na pagkain sa iyong mga benepisyo ng pagkain, at ang makina ng POS ay hindi gumagana o walang isa sa tindahan, pupunan ng kahera ang isang papel na form na tinatawag na butser ng benepisyong pagkain. Isusulat ng kahera ang iyong numero sa Washington Quest EBT Card at ang halagang iyong ginagastos. HUWAG ibigay sa kahera ang iyong PIN. Tatawag ang kahera upang malaman kung mayroon kang sapat na mga benepisyo sa iyong account sa benepisyong pagkain upang mabili ang pagkain; hindi nila susuriin ang iyong account ng benepisyong salapi. Kung may sapat sa iyong account na benepisyong pagkain, palalagdaan sa'yo ang butser at bibigyan ka ng kopya nito. Napakahalagang panatilihin ang kopya na ito upang maibawas mo ang iyong ginastos mula sa balanse na ipinakita sa iyong huling resibo sa EBT. Ito ay magbibigay sa iyo ng kasalukuyang halaga sa iyong kuwenta. Hindi maaring i-proseso ang isang manwal na butser para sa mga benepisyo na salapi.

### Maaari ba akong pumunta sa isang teler ng bangko at maglabas ng pera o magtanong tungkol sa aking EBT na kuwenta?

Hindi, maaari ka lamang mag-withdraw ng salapi mula sa isang ATM o sa pamamagitan ng isang POS machine na nag-aalok ng cash back sa isang kalahok na tindahan. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa iyong mga account sa salapi o sa benepisyong pagkain, tawagan ang Customer Service.

### Kung mayroon akong mas mababa sa $ 10 na halaga ng mga benepisyong salapi sa aking Washington Quest EBT Card, paano ko ito makukuha?

Maaari kang gumawa ng pagbili sa POS machine o isang transaksyon sa cash back sa mga kalahok na tindahan upang makuha ang mga pondong ito.

### Mayroon bang mga bayarin sa transaksyon o mga dagdag na singil para sa paggamit ng aking Washington Quest EBT Card?

Walang bayad sa transaksyon para sa paggamit ng iyong mga benepisyong pagkain upang makabili ng pagkain gamit ang iyong Washington Quest EBT card. Wala ring anumang babayaran sa transaksyon ng paggamit sa iyong mga benepisyong salapi upang bumili ng pagkain o kumuha ng salapi sa isang POS na makina.

Maaaring may dagdag na singil. Ang surcharge ay isang karagdagang bayad na sisingilin ng may-ari sa isang ATM o POS na makina para sa paggamit ng makina upang maglabas ng pera. Ang mga dagdag na singil, kung mayroon man, ay kusa ring kukunin mula sa iyong salapi na account. Kung hindi mo gustong magbayad ng dagdag na bayad, kailangan lang kanselahin ang iyong transaksyon at pumunta sa ibang ATM o lokasyon ng POS na hindi naniningil ng dagdag na bayad.

### Mayroon bang anumang mga paghihigpit sa kung paano ko gamitin ang aking EBT na mga benepisyong salapi?

Labag sa batas na gumamit ng isang EBT card o salapi mula sa isang EBT card sa mga tavern, bar, tindahan ng alak, mga ahensya ng bail bond, mga lugar na pang-entertainment at pang-adulto, at anumang mga establisimiyento kung saan ipinagbabawal ang mga menor de edad, upang magsugal, kumuha ng tattoo o body piercing, o upang makabili ng tabako, marijuana o mgaproduktong nakabatay sa marijuana.

### Ano ang mangyayari kung hindi ko gamitin ang aking mga benepisyo?

Ang mga benepisyong hindi ginamit sa buwan ng paglabas ay maidadagdag sa susunod na buwan. Kung hindi mo gamitin ang kahit ilan sa iyong mga benepisyo sa loob ng 274 araw, kakanselahin ang mga benepisyo. Sa ilang mga kaso, ang mga benepisyong ito ay hindi mapapalitan.

### Maaari ba akong magdeposito ng pera sa aking EBT na account?

Hindi. Maaari ka lamang maglabas ng pera mula sa iyong salapi na kuwenta.

### Ano ang Direct Deposit?

Sa halip na gamitin ang EBT, maaari mong piliin na ideposito ang iyong mga salapi na benepisyo sa bawat buwan nang direkta sa iyong pansariling account sa bangko. Hindi mo magagamit ang direkto na deposito para sa mga benepisyo ng pagkain. Makipag-ugnay sa DSHS para sa karagdagang impormasyon o tumawag ng walang bayad sa 888-235-2954.

### Ano ang isang Kahaliling Cardholder?

Maaari kang pumili ng isang tao, na tinatawag na Kahaliling Cardholder, upang kunin ang mga benepisyo para sa iyo. Ang Alternate Cardholder ay dapat pumunta sa isang lokal na tanggapan upang makatanggap ng kanilang sariling Washington Quest EBT Card at PIN. Kung kailangan mo ng isang Kahaliling Cardholder, pumili ng isang tao na pinagkakatiwalaan mo. Tandaan, ang nawala o ninakaw na benepisyo ay hindi mapapalitan. Maaari mong kanselahin ang kard ng isang Kahaliling Cardholder sa pamamagitan ng pagtawag sa Serbisyo sa Kostumer.

### Kailan ko dapat tawagan ang Customer Service?

- Kung nawala, ninakaw o nasira ang iyong kard.
- Kung nakalimutan o nawala ang iyong PIN.
- Upang piliin o palitan ang iyong PIN.
- Upang malaman ang iyong balanse.
- Upang marining ang iyong huling 10 na transaksiyon.
- Upang humiling ng dalawang-buwan na kasaysayan ng mga transaksiyon.
- Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa isang transaksyon.
- Kung may mga katanungan ka o kailangan ng tulong sa iyong kard.

### Paano kung plano kong lumipat o magpalit ng tirahan?

Upang mag-ulat ng anumang pagbabago, kabilang ang pag-update ng iyong address, makipag-ugnay sa DSHS sa pamamagitan ng pagtawag sa 877-501-2233 , o gamitin ang **www.washingtonconnection.org** para iulat ang mga pagbabago online.

This pamphlet is available in your language at your local DSHS Office.

ይህ አስተኛ መጽሔት በቋንቋዎ በአካባቢዎ የዲኤስኤችኤስ ጽህፈት ቤት ይገኛል። (Amharic)

إن هذه النسخة موفرة لك بلغتك في مكتب الـ DSHS في الضاحية التي تسكن بها. (Arabic)

កូនសៀវភៅនេះមានផ្តល់ជូនជាភាសារលោកអ្នកនៅឯការិយាល័យ DSHS ប្រចាំតំបន់របស់លោកអ្នក ។ (Cambodian)

本小冊備有您的語言版本，可向您當地的 DSHS 辦事處索取。 (Chinese)

این جزوه در زبان شما در اداره خدمات اجتماعي و درماني DSHS منطقه ایتان در دسترس مي باشد. (Farsi)

Dlaim ntawv nuav muaj txhais ua koj yaam lug hab nwg nyob rua ntawm lub DSHS kws ze koj ko. (Hmong)

이 팜플렛의 한국어 팜플렛은 귀하지역 관할 보건사회부(DSHS) 사무소에 비치돼 있습니다.(Korean)

ປື້ມຄູ່ມືຫົວນີ້ມີໄວ້ໃຫ້ໃນພາສາຂອງທ່ານຢູ່ທີ່ຫ້ອງການ DSHS ທ້ອງຖິ່ນຂອງທ່ານ. (Laotian)

ਇਹ ਪੈਂਫਲੇਟ ਤੁਹਾਨੂੰ ਮਿਲ ਸਕਦਾਂ ਹੈ ਆਪ ਦੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਆਪਣੇ ਸਥਾਨੀ DSHS ਦਫਤਰ ॥ (Punjabi)

Acest pamflet este disponibil în limba dumneavoastră la oficiul DSHS local. (Romanian)

Вы можете получить эту брошюру на своём языке в своём местном офисе DSHS.(Russian)

O lo'o maua le tusi lea i lau gagana i le ofisa o le Welfare (DSHS). (Samoan)

Ovaj pamflet je dostupan i na vašem jeziku u vašem mjesnom DSHS uredu. (Serbo-Croatian)

Waraaqahani waxaad ka helikartaa xafiiska Walfeerka, DSHS, ee kuu dhow, iyaga oo ku qorran afgaaga. (Somali)

Ang pamphlet na ito ay nakasulat rin sa Tagalog at makukuha sa tanggapan ng DSHS na pinakamalapit sa inyo. (Tagalog)

እዚ መጽሔት እዚ ብቛንቋኹም ኣብ ከባቢኹም ዝርከብ ቤት ጽሕፈት ዌልፈር ይርከብ (Tigrigna)

Ви можете одержати цю брошуру на своїй мові в своєму місцевому офісі DSHS.(Ukrainian)

Tập sơ liệu này hiện có bằng ngôn ngữ của quí vị tại văn phòng DSHS địa phương.(Vietnamese)


Ang USDA ay isang pantay na pagkakataong tagapagtustos at maypagawa.

©2021 FIS. All rights reserved.

Washington State Department of Social & Health Services
Transforming lives

DSHS 22-310 TA (Rev. 09/21) Tagalog

# Gamit ang Washington Quest EBT Card




**BABALA NG PARUSA:**

**Labag sa batas ang magbenta o magtangkang magbenta ng EBT card, o makipagpalitan o magtangkang makipagpalitan ng mga benepisyo sa pagkain para sa anumang bagay na may halaga tulad ng: salapi, mga gamot, armas, o anumang bagay maliban sa karapat-dapat na mga aytem sa pagkain mula sa awtorisadong magtitingi. Maaaring magresulta ang intensyon ng maling paggamit sa diskwalipikasyon, multa, at legal na mga pagkilos, kabilang ang kriminal na pag-uusig.**

Para sa impormasyon ng kuwenta, bisitahin ang **www.ebtedge.com**

O gamitin ang *ebt*EDGE mobile app

o tumawag sa

### Serbisyo ng Kustomer sa

**888-328-9271**
**711 (TTY State Relay)**
**800-833-6385 (Telebraille)**